



Mahal naming residente

Kami ay sumulat sa iyo tungkol sa puwesto ng AJ Bush & Sons (Bush's Proteins) na matatagpuan sa Windsor Road, Riverstone NSW.

Ang NSW Environment Protection Authority (EPA) ay nagsasagawa ng isang malakas na aksyon laban sa AJ Bush and Sons para sa hindi magandang pamamahala ng kapaligiran sa lugar, na naging sanhi ng masamang amoy sa komunidad. May responsibilidad ang AJ Bush and Sons na mabawasan ang mga epekto ng masamang amoy. Habang ang ilang mga masasamang amoy mula sa mga aktibidad ng pag-render ng karne ay maaaring mangyari, ang mga nagdaang epekto ng masamang amoy ay hindi katanggap-tanggap para sa amin o sa mga residente.

Ano ang ginagawa ng EPA tungkol sa mga masasamang amoy?

Pinangangasiwaan namin ang AJ Bush and Sons sa pamamagitan ng isang lisensya sa pangangalaga ng kapaligiran. Ang lisensya ay makukuha sa pampublikong rehistro ng EPA.

Mahigpit na minamanmanan namin ang pagsunod ng AJ Bush and Sons sa mga kautusan nito upang mabawasan ang mga epekto ng masasamang amoy, sa pamamagitan ng:

- Pagsagawa ng mga lingguhang pagsusuri ng masamang amoy sa inyong lokalidad.
- Paggamit ng aming malakas na kapangyarihan upang mag-inspeksyon na walang pagpapaalam at magtanong upang masiguro na ang AJ Bush and Sons ay sumusunod sa mga legal na kautusan nito.
- Patuloy na nag-iimbestiga sa ilang mga bagay pagkatapos nangyari ang mga pagbuhos o pagtagas mula sa kagamitan noong Setyembre 2023. Sa panahong iyon ay nagbigay kami ng isang pahayag ng paglilinis sa AJ Bush and Sons, na kinakailangan ng kagyat na aksyon ng paglilinis upang mabawasan ang panganib ng mga masasamang amoy.
- Pagresponde sa mga sumbong ng komunidad tungkol sa masamang amoy.
- Pangangailangan sa AJ Bush and Sons na pahusayin ang mga pamamaraang pangkapaligiran sa lugar.

Ang EPA ay magpapatuloy sa mga aktibong pag-iimbestiga sa pagpatakbo at pagsunod sa lisensya ng AJ Bush and Sons at magsagawa ng malakas na aksyon ng regulasyon, kung saan kinakailangan.

Ano ang maaari ninyong gawin?

Ang mga ulat ng komunidad ay maaaring gaganap ng isang mahalagang papel sa aming pag-iimbestiga ng mga masasamang amoy. Ang mga ulat na ito ay nagbibigay ng impormasyon na nakakatulong sa EPA na magplano at mag-iimbestiga kapag may mga bagong isyung lilitaw. Ang mahalagang impormasyon tungkol sa mga masasamang amoy ay maaaring iulat gamit ang fact sheet (papel kaalaman) at log sheet ng masamang amoy.



I-scan ang QR code na ito upang makita ang fact sheet and log sheet ng masamang amoy.

Kung nakakaranas kayo ng mga epekto ng masamang amoy, mangyaring:

- direktang makipag-ugnay sa AJ Bush and Sons sa pamamagitan ng telepono (02) 8080 4347 24/7, email community@bushsprteins.com.au o sa pamamagitan ng website bushsprteins.com.au.
- ipagpatuloy na isumbong ang mga bagong impormasyon at mga pangyayari ng masamang amoy sa EPA sa pamamagitan ng Environment Line sa telepono 131 555 o mag-email sa info@epa.nsw.gov.au.

Karagdagang impormasyon

Kami ay nakatuon ng pagpapabatid sa komunidad. Ang sinumang may gusto na makatanggap ng mga update ay maaaring idagdag ang iyong pangalan sa aming mailing list sa pamamagitan ng pag-email sa engagement@epa.nsw.gov.au. Karagdagang impormasyon na may kaugnay sa pamamalacad ng AJ Bush and Sons ay makikita sa website ng EPA.



I-scan ang QR code na ito upang makita ang karagdagang impormasyon.

Kung kinakailangan ninyo ng karagdagang impormasyon, makipag-ugnay sa EPA sa pamamagitan ng telepono 131 555 o mag-email sa info@epa.nsw.gov.au.

I-scan ang QR code na ito upang makita ang sulat na ito sa Filipino/Tagalog.